


KOMUNYON

 Nakakaantig-damdamin na mensahe na ibinigay sa atin kanina lamang ni Kapatid na Pearry mula sa Salita ng Dios. Gaano katotoo ito na “Nililimitahan natin ang Dios at inoorasan ang Dios; at Siya’y Walang-hanggan, hindi natin maaaring gawin ’yan.” Kaya sa gabing ito nahaharap tayo sa iba pang bagay ngayon, ay komunyong.

² Tatlong taon akong naghintay na magkaroon ng iglesya sa Tucson, nguni’t naririto na ito. Siyanga, tayo’y—tayo’y naririto na. Kaya pinasasalamat natin ang Panginoon, pinaghintay lamang Niya tayo hanggang sa mapahalagahan na natin ito ngayon.

³ Ngayon, may isang bagay na nais kong sabihin bago lamang natin simulan ang komunyong, ay ito, na naniniwala akong sapat na ang nakita natin sa panahon natin na ating kinabubuhayan, kung kaya dapat nating ipagkaloob talaga (lahat) ang buong nating pagkatao sa Dios. Tayo—dapat nating tunay na paglingkuran ang Dios. Naniniwala akong pinagkalooban Niya tayo ng tuwirang sagot sa Kasulatan. Tulad ng pagkahatid dito ni Kapatid na Pearry kani-kanina lang, na tayo—tayo ay—tayo’y nasa panahon nang iyon. Hindi tayo bulag, ating—ating—ating nakikita na tayo’y naririto na, tayo—tayo’y dumating na.

⁴ At maaari din tayong tumingin sa paligid at makita kung paano nililisan ng pantaong katinuan ang mga tao. Na, tayo—tayo’y hindi na makapananatili pa ng mas matagal, mapupunta tayo sa isang ganap na institusyon ng mga baliw, ang buong mundo ay magiging gayon. Kita n’yo? Kaya tayo—tayo’y nasa huling panahon na.

⁵ Ngayon, kagaya nga ng pagtatapos ni Kapatid na Pearry doon, nakikitang totoo ang mga bagay na ito, nakikita na ang mga ito ay totoo, hindi kathang-isip ang mga ito. Hindi ito mga bagay na binubuo lang natin sa imahinasyon. Mga bagay ito na direktang ipinagkaloob sa atin sa pamamagitan ng Salita ng Dios at lantaranang inihayag sa ating harapan, na alam nating naririto na tayo. Tayo—hindi natin alam kung gaano pa katagal ngayon, dahil muli ay babalik tayo sa isang pagmamasid, makikita n’yo, kung anong oras na. Nguni’t tayo’y... alam nating tayo’y—tayo’y naririto na, tayo’y nasa panahon nang iyan. Kung oras na ng Dios, iniisip ko . . .

⁶ May nagbigay ng kaunting pagsusuri minsan na nagsabi na kung paglalaanan siya ng Dios sang-ayon . . . kung magtatakda Siya ng oras, ang isang—ang isang libong taon ay isang araw lang. Kaya kung nabuhay ang isang tao nang pitumpung taong gulang, ito ay magiging ilang minuto lang sa oras ng Dios. Kita

n'yo? Buweno, at nagsabing ito'y magiging apatnapung taon, ni hindi man lamang iyan maituturing na oras, halos, maikukurap Niya ang Kaniyang mata. Kita n'yo? Kita n'yo, ganoon lamang ito kabilis, ang buong bagay, kung tatakdaan ito ng panahon; na, wala naman Siyang kapanahunan. Kaya sadyang Siya ay Walang-hanggan.

7 Sa palagay ko si Sarah iyon noon doon . . . o, hindi, si Joseph, noong isang gabi, ang nagsabi sa akin at kay Kapatid na Pearry. Sabi niya, "Daddy, saan, kailan po ba dumating ang Dios sa tagpo? Saan po ba Siya nagmula?" Kita n'yo? "Dapat mayroon Siyang pasimula, hindi po ba? Hindi po ba Niya kinailangang magpasimula?"

8 Sabi ko, "Hindi. Ano mang bagay na may simula ay may wakas, nguni't 'yung walang pasimula ay walang wakas." Siyempre, sampung taong gulang pa lang siya, iyon ay parang isang—isang bagay na talagang mahirap unawain para sa kaniya. Kita n'yo? At paano niya matatanggap 'yon, ang pagkaalam na may bagay na hindi kailanman nagpasimula? Hindi lang sa kaniya, maging sa akin din. Ngayon, kita n'yo, sadyang mahirap iyon unawain para sa akin, kung paano iyon nagsimula.

9 Ngayon tayo'y nahahanda nang isagawa ang isang bagay dito na tunay na sagrado.

10 Tinawagan ako ilang araw pa lang ang nakararaan, sa ilang napakabuting mga Cristianong ginoo na—na hindi pa kailanman nakaganap nito, at sa pagkaunawa niya'y ginaganap natin ang komunyong sa literal na paraan. Ginaganap nila ito na tinatawag nilang "komunyong espirituwal." At na, hangga't *komunyong* iyon, masasabi kong mainam, dahil ang *pagkomunika* ay "pagkausap," kita n'yo. At ibinigay sa 'kin ng kapatid ang Kasulatang ito, ang sabi, "Kapatid na Branham, sa palagay mo kaya ngayon . . ."

11 Ngayon, ang dahilan na sinasabi ko ito . . . Ayos lang ba, Kapatid na Pearry? [Sumasagot si Kapatid na Pearry Green, "Oo."—Pat.] Kita n'yo, ang dahilan na sinasabi ko ito, upang maunawaan ninyo kung ano ang ginagawa n'yo. Hindi n'yo . . . kung kayo'y parang bulag na naglalakad sa kahit anong bagay, hindi ninyo alam kung saan, kung ano ang ginagawa n'yo. Ni hindi man lang kayo magkakaroon ng katiyakan kung hindi n'yo alam kung ano ang ginagawa n'yo. Nguni't dapat ninyong maunawaan kung ano ang inyong ginagawa at bakit ninyo ito ginagawa.

12 Sabi niya, "Ngayon kung ating tanggapin ang Salita ng Dios, hindi ba't iyon ay ang Dios na tinatanggap natin?"

13 Sabi ko, "Talagang tama, ginoo, totoo 'yon. Nguni't mababasa natin dito na sila ay aktuwal . . . Itinuro ni Pablo ang literal na pagganap sa hapunan ng Panginoon. 'Gawin

ninyo ito sa pag-aalaala sa Akin,' sabi ni Jesus. 'Sa tuwing tatanggapin ninyo ito sa pag-aalaala sa Akin, ipinahahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating Siya.'" Kita n'yo? Ngayon, tayo ay dapat tumanggap nito.

¹⁴ Batid natin na si San Pablo, na siyang nagtalaga nito sa Iglesia, bilang ang propeta ng Bagong Tipan. Sina Pedro, Santiago, Juan, silang lahat, isinulat nila (kung bakit, sina Mateo, Marcos, Lucas) kung ano ang ginawa ni Jesus, bilang mga manunulat. Nguni't si Pablo ang naglagay ng bagay sa kaayusan, siya ay ang—siya ay ang propeta ng Bagong Tipan. Kung paanong nagtungo si Moises sa ilang upang tanggapin ang inspirasyon na isulat ang—ang limang Aklat ng—ng... ang unang limang Aklat ng Biblia, buweno, si Pablo din naman ay nagtungo sa ilang at tumanggap ng inspirasyon mula sa Dios, upang ilagay sa kaayusan ang Iglesia sa Bagong Tipan at itipo Ito doon sa Luma.

¹⁵ Sa ilalim niyaon ay nagkaroon sila ng haing kordero, na patuloy na isinasagawa iyon ng Israel bilang isang alaala. Sa katunayan ginamit ito nang isang beses, sa paglabas mula sa Egipto. Nguni't pagkatapos patuloy na isinasagawa nila iyon bilang isang alaala sa paglipas ng panahon. Buweno, "kung ang kautusan ay anino ng mga bagay na darating," nakita n'yo.

¹⁶ Ngayon, naniniwala ako na ang *komunyon* (ang tinatawag nating "komunyon," ngayon) ay upang... ay "ang hapunan ng Panginoon."

¹⁷ Ngayon, may tatlo lamang tayong pisikal na Banal na kautusang iniwan sa atin: isa sa mga ito ay—ay komunyon; paghuhugasan ng paa; bautismo sa tubig. Iyon lang 'yung tatlong bagay. Iyon ang kasakdalan, niyaong tatlo, kita n'yo. At iyon lamang ang tatlong kautusang mayroon tayo. Napagtatanto natin na iyan ang utos na ibinigay ni San Pablo sa Bagong Tipan.

¹⁸ Ngayon, kung sasabihin natin na "dapat ang komunyon ay pagtanggap lang sa Salita," hindi ako naniniwalang may karapatan ang sinuman na tanggapin ang hapunan ng Panginoon hanggang sa tinanggap na niya ang—ang Salita ng Panginoon sa kaniyang puso. Kita n'yo? Sapagka't ako ay tutungo... may babasahin ako para sa inyo sa ilang sandali at makikita ninyo. Ngayon, pansinin. Kung gayon, bakit pa natin kailangan—kailangan nating...

¹⁹ Sa gayun ding batayan maaari nating ganap na bigyang-katuwiran ang Salvation Army. Hindi sila naniniwala sa ano mang anyo ng bautismo sa tubig, sabi, "Hindi natin ito kailangan." Ngayon, kung hindi natin kailangan ang bautismo sa tubig, bakit tayo binabautismuhan? Sabi, "Hindi ka maililigtas ng tubig, ang Dugo ang nagliligtas sa iyo."

²⁰ Sasang-ayon ako riyon. Iyan—tama 'yan, ang Dugo ang nagliligtas sa iyo, hindi ang tubig. Nguni't *dapat* nating

tanggapin ang tubig bilang panlabas na damdamin na may naganap na sa kalooban na paggawa ng biyaya. Kita n'yo? Ganoon din dapat tayo sa komunyong!

²¹ Kapag atin nang tinanggap ang Panginoon, ang ating Hain, sa atin, bilang isang espirituwal na Kapanganakan sa loob natin, at ang Kaniyang Katawan, nabubuhay tayo sa Kaniya sa pamamagitan ng Salita, nararapat din natin itong isimbulo dahil ito'y isang kautusan. "Mangagsisi, bawa't isa sa inyo at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan."

²² Sabi ni Pablo, "Tinanggap ko sa Panginoon ang ibinibigay ko naman sa inyo, 'Na ang Panginoong Jesus nang gabing Siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay, at pinagputol-putol ito at ibinigay ito sa mga alagad, at—at sinabi, "Kunin ninyo at kanin, gawin ninyo ito sa pag-aalaala sa Akin." Sapagka't sa tuwing kakanin ninyo ang tinapay na ito, ipinahahayag ninyo ang Kaniyang pagkamatay hanggang sa dumating Siya." Ngayon nalaman natin na, riyang, may mga tao sila na nagpupunta at . . .

²³ Itong minamahal na kapatid, isang napakahalagang kapatid na lalaki, siya'y dumating at sinabi niya, "Hindi pa ako kailanman—hindi ko pa ito kailanman tinanggap, Kapatid na Branham, hindi ko nauunawaan kung ano ito." Sabi, "Naturuan ako sa ibang paraan."

²⁴ Sabi ko, "Nguni't alalahanin, tatanggapin nating isinaayos ito ni San Pablo noong bandang pasimula ng Iglesyang Cristiano. Nagpalipat-lipat sila sa mga bahay-sambahan . . . sa mga bahay-bahay, pinagputol-putol ang tinapay na may kaisahan ng puso, at iba pa. Ngayon," sabi ko, "kaniya ngang inilagay ito sa Iglesya. Mga Taga Galacia 1:8, sabi niya, 'Kung isang anghel mula sa langit ang dumating at magsabi ng iba pang bagay, ay matakwil ito,' nakita n'yo, kita n'yo, ang siya ring tao na muli silang pinabautismuhan mula sa bautismo ni Juan, upang mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo."

²⁵ Nakita n'yo, mayroong tatlong bagay na dapat nating—tatlong bagay na dapat nating gawin bilang mga simbulo: ang hapunan ng Panginoon, paghuhugasan ng paa, bautismo sa tubig. Kita n'yo? May . . .

²⁶ Sasabihin mo, "Buweno, ang . . ." Ngayon, hinango iyon ng Salvation Army sa puntong, "Yaong naghihingalong magnanakaw, nang siya'y mamatay, hindi siya bautismado, gayun pa man sinabi ni Jesus na siya'y mapupunta sa Langit." Totoo ngang tama 'yan. Eksakto 'yan. Nguni't, nakita n'yo, siya—siya—noon lamang niya nakilala si Jesus sa oras na siya'y nag-aagaw-buhay na. Kita n'yo? Iyon lamang ang—iyon lamang ang pagkakataong nagkaroon siya. Siya—isa siyang magnanakaw, naroon siya sa malayo, nasa labas siya. At kaniyang, sa sandaling

nakita niya ang Liwanag na 'yon, ay kaniya Itong nakilala, "Panginoon, alalahanin Mo ako!" At si Jesus . . . Totoo 'yon.

²⁷ Nguni't sa iyo at sa akin na nakakaalam na dapat tayong mabautismuhan, at tumangging gawin ito, kung gayon iya'y sa pagitan mo na at ng Dios. Ganiyan din sa komunyong!

²⁸ Ngayon, kapag ating tinanggap itong komunyong, ito'y hindi lamang isang bagay na sasabihing, "Pupunta ako dito at kakain ng kaunting tinapay, at paniniwalaan kong isa akong Cristiano." Nguni't, kung inyong napansin, ang sabi ng Biblia, "Ang kumakain at umiinom na *di karapat-dapat* ay magkakasala sa Dugo at Katawan ng Panginoon." Kita n'yo? Kailangan ninyong ipamuhay ang isang buhay na—na . . . sa harap ng mga tao, na . . . at sa harap ng Dios at ng mga tao, na nagpapakita na kayo nga ay—na kayo nga ay tapat.

²⁹ Ngayon, ilang sandali na lamang. Ngayon, sa Lumang Tipan nang ang hain ay gawing isang—isang kautusan o isang ordinansa. At gayun din ang bautismo sa tubig ay isang ordinansa; gayun din ang paghuhugasan ng paa ay isang ordinansa; gayun din ang hapunan ng Panginoon ay isang ordinansa. "Mapalad ang gumaganap ng lahat Niyang mga ordinansa, tumutupad ng lahat Niyang mga batas, lahat Niyang mga kautusan, upang siya'y magkaroon ng karapatang makapasok sa Punongkahoy ng Buhay."

³⁰ Ngayon, pansinin n'yo rito ngayon, na doon sa una, noong unang kautusan pa lang ito ng Dios na magdala ng hain sa bahay-sambahan, at sa templo at sa dambana, at ialay ang inyong kaloob, at—at para sa inyong mga kasalanan, ang paghahain ng isang kordero. Buweno, para ko nang nakikita ang isang kapatid na Judio na naglalakad sa daan, nalalamang siya'y nagkasala, at magtutungo siya sa dambana; o dadalhin ang kaniyang matabang kapong baka o guyang toro, o ano mang mayroon siya, o isang lalaking tupa, kordero, anomang bagay. Dinala niya ito sa kahabaan ng daan nang kasing tapat ng magagawa niyang paglapit, naglakad siya patungo doon, tinutupad ang kautusan ng Dios nang kasing tapat ng magagawa niya.

³¹ Pagkatapos ay ipinatong niya ang kaniyang mga kamay dito, ipinahahayag ang kaniyang mga kasalanan, at ang saserdote ay inilalagay iyon (ang kaniyang mga kasalanan) sa kordero, at ginilitan ang lalamunan ng kordero, at—at pagkatapos ay namatay ito para sa kaniya. Habang nakahimlay ito doon, ang munting kordero ay nagkikikisay at nagdurugo, ang kaniyang mga kamay ay puno ng dugo, at iyon ay tumitilamsik sa buo niyang katawan, (ang munting kordero ay umiiyak, naghihingalo), kaniyang mapagtatanto na nagkasala siya at may kailangang mamatay kapalit niya. Kung kaya, iniaalay niya ang kamatayan nitong kordero para sa kaniyang kamatayan. Kita

n'yo, ang kordero ay namatay kapalit niya. Noon ginagawa ito ng tao na may katapatan, sa kaibuturan ng kaniyang puso.

³² Sa huli, paulit-ulit itong nangyaring muli, paulit-ulit itong nagpatuloy hanggang sa huli ito'y naging isa nang tradisyon. Ang utos ng Dios ay naging isa nang tradisyon sa mga tao. At nang magkagayon ay heto siya't paparating, "Buweno, tingnan natin, *ganito-at-ganiyang* araw ngayon, mainam sigurong magtungo ako roon. Oo, mabuting ako'y maghandog ng isang— isang guyang toro." Nagtungo siya roon, "Buweno, Panginoon, heto po ang aking guyang toro." Kita n'yo, wala na ang katapatan dito, wala na ang pagkaunawa dito.

³³ Ngayon, hindi natin gustong tumanggap ng komunyong na gaya niyan. Ganiyan din ang nangyari sa dulang ng Panginoon.

³⁴ Isaias 35...Hindi, ipagpaumanhin ninyo. Isaias 60... Hayaang bawiin ko iyon. Ako—ako'y naniniwalang ito'y Isaias 28, ay kung saan natin ito matatagpuan. Ako'y sigurado nang iyan nga ang tamang kabanata. Sabi Niya, "Utos sa utos; at bilin at bilin at bilin; dito'y kaunti, doo'y kaunti. Ingatan ang mabuti. Sa pamamagitan ng mga utal na labi at iba't ibang wika ay sasalitain Ko sa bayang ito. At ito ay ang Kapahingahan."

³⁵ Sabi Niya, "Lahat ng mga dulang ng Panginoon ay puno ng suka. Kanino Ko ituturo ang Balita? Kanino Ko ipauunawa?" Kita n'yo? Sa palagay ko iyan nga ang tamang Kasulatan, Isaias 28. "Kanino Ko ipauunawa ang Balita?" Kita n'yo, "ang mga dulang."

³⁶ Ngayon, nalalaman natin ngayon na itong dakilang bagay na napipinto nating ganapin ngayong gabi, sa paggunita sa Kaniyang kamatayan at sa Kaniyang Katawan na pinaniniwalaan nating kinakain natin sa bawa't araw, o, katatapos lamang nating kanin nang mangaral ang ating kapatid sa atin. Tinatanggap ang Salita ng Dios, sinasampalatayanan natin Ito nang buong puso natin. Nakikita natin Itong naipamalas; nakikita nating Ito'y ipinagkaloob sa atin; nakikita nating Ito'y pinagtibay; nadarama natin Ito sa ating mga buhay. At nararapat tayong dumulog dito na may malalim na kamalayan sa kung ano ang ating ginagawa, hindi lamang dahil sa ito'y isang utos.

³⁷ Papasok ka sa bahay-sambahan, at kadalasan nagbibigay sila ng lumang soda cracker o kung anong uri ng—kung ano man, pagpuputul-putulin ito, at isang magaang na tinapay o— o kung ano man, at—at pagpuputul-putulin ito; at ang mga taong naninigarilyo, umiinom, lahat na, dahil sa sila'y kasapi ng iglesya magtungo sila at tatanggap ng hapunan ng Panginoon. Buweno, karumihan 'yan sa harapan ng Dios!

³⁸ Maging ang hain, sinabi, "Ang inyong mga banal na araw at ang inyong hain ay naging mabaho na sa Aking pang-amoy." Gayunma'y iniutos Niya sa kanila na gawin ang paghahaing

'yon. Nguni't ang paraan nila ng pagganap nito, ito'y naging mabaho, alingasaw sa Kaniyang ilong (Kaniyang pang-amoy), ang mismong hain na Kaniyang itinalaga.

³⁹ Sa ganiyang paraan natin tinatanggap ang Salita ng Dios, napakaraming mga Cristiano ngayon (mga naturingan) ang gumagawa ng ganiyan. Tatayo tayo rito at ipangangaral itong Salita, at sasabihin, "Si Jesus Cristo ay hindi ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," at ipangangaral ang mga bagay na ipinangako Niya sa atin na Kaniyang tutuparin, at sasabihing, "Oh, buweno, iyan ay para sa iba pang bagay," ang ating mga taimtim na pagsamba ay sadyang naging isa nang alingasaw sa Kaniyang ilong. Hindi Niya ito tatanggapin, sa kahit anong paraan. Iyan ang dahilan, ang ating mga kinagawiang tradisyon!

⁴⁰ Hindi mo tinatanggap ang hapunan ng Panginoon sa pamamagitan ng isang tradisyon. Tinatanggap mo ito sapagka't ito'y ang pag-ibig ng Dios sa puso mo, ang tuparin ang mga utos ng Dios. Kita n'yo, iyan ang dahilan kung bakit mo ito tinatanggap.

⁴¹ Kaya kung hindi ninyo ito tinatanggap nang may katapatan, ito'y isa na lamang kaugalian, "Buweno, ginaganap ng iglesya namin ang komunyong nang isang beses tuwing Linggo, o minsan sa bawa't buwan, o dalawang beses sa isang taon," at magtutungo ka, sasabihin, "Buweno, oras ko na," at—at pagkatapos ay tatanggap na ng komunyong, aba, ito'y isang alingasaw sa Dios! Kita n'yo, kaugalian na lamang 'yan.

⁴² Maging kagaya ng ano pa mang bagay, ikaw—ika'y kailangang maging matapat. Nais ng Dios ang kaibuturan ng iyong puso. Alalahanin mo, ang Dios mismo na nagdala sa iyo dito sa mundo ay ang Siyang pinaglilingkuran mo. Kita n'yo?

⁴³ Ginagawa mo ito sapagka't sinabi Niya, dahil ito'y utos Niya. Kung ganoon nais nating lumapit nang may malalim na katapatan, nalalamang sa pamamagitan ng biyaya ng Dios kaya tayo naligtas. At ating—ating iniibig Siya at nadama natin ang Kaniyang Presensiya, at ating—ating nakitang binago Nito ang ating mga buhay. Ang ating—ang ating buong pagkatao ay nabago. Tayo—tayo—tayo'y ibang tao na. Hindi na tayo nabubuhay na kagaya ng dati, hindi na tayo nag-iisip na kagaya ng dati.

⁴⁴ Tulad ng nasa Aklat rito, at sa bahaging iyon na ating napag-usapan ang—ang dalawang Aklat bilang Iisa, ang Aklat ng Buhay. Ang unang Aklat ng buhay na lumabas, ay noong ikaw ay isilang, iyon ang natural mong kapanganakan. Kita n'yo? Nguni't noon isang beses, doon sa kaloob-looban, may isang munting butil ng Buhay tulad nga ng ipinaliliwanag ko sa ilang kabataang babaeng kapatiran sa bahay kaninang hapon. Kita n'yo, may isang munting butil ng Buhay na nakahimlay doon,

na magtataka ka, “Saan kaya Ito nagmula? Ano—ano kaya ang mga kakatwang bagay na ito?”

⁴⁵ Sinasabi ko ito, sa aking sarili, tulad rin ng sasabihin ninyo, “Si William Branham, buweno, apatnapung taon na ang nakararaan, yaong William Branham, hindi na ito ’yung dati ngayong gabi.” Kung mayroon d’yan sa likuran na magsasabi, “Si William Branham, isa siyang napakapilyo noon,” kita n’yo, sapagka’t ako’y ipinanganak kay Charles at Ella Branham. Sa kanilang kalikasan ako’y isang makasalanan, isinilang ako sa mundo, isang sinungaling, at lahat ng mga kamunduhan ng sanlibutan ay nakalagay mismo sa akin. Nguni’t doon sa kaloob-looban, din naman, ay may isa pang Kalikasang naroroon, kita n’yo, itinalaga, ng Dios na maparoon. Sa katawan ding ito, kita n’yo, dalawang kalikasan ang naroroon.

⁴⁶ Buweno, sa isa lamang ako tumugon. Habang ito’y lumalaki, ako’y pabulol na nagsalita noon habang isang sanggol, “Dad-da.” Malalaman mo na lang, naging sinungaling ako, naging lahat na ng gawi ng isang makasalanan, dahil ako’y lumaki sa ganiyang paraan. Nguni’t sa kaloob-looban doon ay noon pa man may isa nang maliit na butil ng Buhay.

⁴⁷ Lagi kong naaalala dati, habang munting bata pa . . . (Sana’y hindi ko kayo labis na napagtatagal. Nguni’t nalalamang . . .) Nakaupo sa labas sa may . . . sa—sa may gilid ng sapa, at mauupo ako roon at titingnan ang paligid pagsapit ng gabi. Si itay at si inay, sila’y naroon na ngayon sa kanilang kapahingahan. At noong mga araw na iyon sila’y mga makasalanan, walang Cristianismo sa aming tahanan man lang. At, oh, naku, inuman, at mga kasayahan, at pagpapatuloy sa ganoon; pinasasama niyon ang pakiramdam ko, dadalhin ko ang aking—ang aking ilawan at ang aking aso at tutungo sa kakahuyan, upang magpalipas ng magdamag. Sa panahon ng taglamig ako’y mangangaso hanggang matapos ang kasayahan, siguro sa pagbubukang-liwayway sa umaga. Uuwi ng bahay, hindi pa rin tapos, nahiga ako sa ibabaw ng isang habong at nakatulog, hinihintay na magbukang-liwayway.

⁴⁸ Pagkatapos naiisip ko kung paanong ang mga panahong iyon, noon kapag naroon sa labas sa tag-araw, kukunin ang mga patpat ko at ibababa ang mga iyon upang maging isang munting pananggalang sa hangin, kung saan sakaling umulan; mahihiga doon at hahayaang nakababad ang mga tikin sa tubig, nangingisda; ang dati kong asong panghuli ng raccoon ay nakahiga doon. Sasabihin ko, “Tumingin ka dito. Alam mo, noong nakaraang taglamig dito mismo ako humimpil nang isang gabi, gumawa ako dito ng siga noong hinihintay ko ang dati kong aso dito sa puno, at mayroon akong siga rito. Nagyelo na iyon ng limang pulgadang lalim sa lupa. Nguni’t, munting bulaklak, saan ka nanggaling?” Kita n’yo? “Buweno, at saan ka ba nagmula? Sino ang nagtungo rito at nagtanim sa ’yo? At mula

sa anong mainit na bahay-halamanan ka ba nila kinuha? O—o ano nga ba'ng tungkol dito, saan ka nga ba nagmula?" Kita n'yo? 'Yung munting bulaklak, sasabihin ko, "Aba, nagyeyelo ito, at lahat na, at ako'y nagsiga sa ibabaw dito. Sa kabila ng nagyeyelong elemento, ay may isang mainit na elementong nakahimlay dito sa malaking lumang kahoy kung saan kita sinigaan. At gayun pa man ay heto ka, at buhay ka. Saan ka nga ba nagmula?"

⁴⁹ Ano nga ba ito? May isa pang William Branham. Kita n'yo? Isang munting bahagi ng Buhay na Walang-hanggan ang naroroon, mula sa—sa—sa mga binhi ng Dios, ang Salita ng Dios na inilagay doon. Ang baw't isa sa inyo ay maaaring makapag-isip ng mga kahalintulad ring bagay. Kita n'yo, Ito'y gumagawa.

⁵⁰ Pagkatapos ay titingala sa mga puno, at maiisip ko, "Dahon, nakita kitang nalagas noong nakaraang taon, at bakit nariyan kang muli? Saan ka ba nanggaling? Anong nagpabalik sa 'yo rito?" Kita n'yo, ang Buhay na Walang-hanggan Ito na gumagawa sa katawan.

⁵¹ Ngayon, pagkatapos isang araw habang ako'y naglalakad, ang Tinig na 'yon ay nangungusap, "Huwag na huwag kang maninigarilyo, iinom, at iba pa." At ang mga kabataan at lahat na ay nagsitanda. Kita n'yo, may kung anong Bagay ang kumikilos.

⁵² Nguni't ganun pa man bigla na lamang akong napatingala, at sinabi ko, "Hindi ako anak nina Charles at Ella Branham. May kung anong Bagay ang tumatawag." Tulad ng aking munting agila, "Hindi ako isang manok. May kung anong Bagay doon sa itaas, sa kung saan. Oh Dakilang Jehovah, kung Sino Ka man, pagbuksan ako! Nais ko na pong umuwi. May kung anong Bagay sa akin, na tumatawag."

⁵³ Pagkatapos isinilang akong muli. Ang munting Buhay na iyon ay nakahimlay doon, ang buhay ng tubig ay ibinuhos Dito, pagkatapos Ito'y nagsimulang tumubo. Ngayon, 'yung dating buhay ay pinatawad na, itinaon na sa dagat ng pagkalimot ng Dios, upang hindi na muli pang alalahanin laban sa akin kailanman. Kita n'yo? Ngayon tayo'y nakatayong pinaging-marapat (na tila ba kailanman tayo'y hindi nagkasala) sa Presensiya ng Dios.

⁵⁴ Pagkatapos kapag dumulog tayo sa dulang ng Panginoon, nararapat na dumulog tayong may pagpipitagan, pag-ibig at paggalang, na "Tingnan kung nasaan na kaya marahil tayo kung hindi lamang dahil sa Kaniya." Kita n'yo? Tingnan kung nasaan na kaya ito marahil . . .

⁵⁵ Kung kaya, si Pablo, sa palagay ko, sa pagsasabi nito, "Dahil dito, kung kayo'y mangagsasalo-salo sa pagkain, ay mangaghintayan kayo." Iyan ay, sa ibang salita, maghintay lang ng mga ilang minuto, manalangin, siyasatin ang inyong

mga sarili. At kung alam ninyong may isang kapatid na nariyan, na makagagawa na ng isang bagay na mali, o ano man, at manalangin ka para sa kaniya, rin. Kita n'yo? Kita n'yo, "maghintayan sa isa't isa," maghintay ng isang sandali, manalangin. Kung may hidwaan sa pagitan ninyo o ano man, huwag—huwag itong gawin—huwag itong gawin, humayo at ayusin iyon, muna. Kita n'yo? Humayo at ituwid iyon, muna, dahil nais nating magtungo rito nang sadyang dalisay sa abot ng ating makakaya, at ang ating mga niloob tungkol sa isa't isa at sa Dios, at sa bawa't isa, at saka tayo dumudulog nang magkakasama sa dulang ng Panginoon. Kita n'yo?

⁵⁶ At ginagawa natin ito dahil tayo'y nagbibigay-pasasalamat sa Kaniya, at sa isa't isa. Kinakain ang tinapay sa pagitan ng bawa't isa, iniinom ang alak sa pagitan ng bawa't isa, bilang Kaniyang Dugo at Kaniyang Laman.

⁵⁷ "Malibang kanin ninyo ang Laman ng Anak ng tao at inumin ang Kaniyang Dugo, ay wala kayong Buhay sa inyo." Kita n'yo? Nakita n'yo, iyon ang sabi ng Biblia. Malibang gawin ninyo ito, walang Buhay. Nakita n'yo? Ikaw nga kung gayon, humigit-kumulang, ay nagpapakitang nahihya kang ipakilala ang iyong sarili na isang Cristiano, dahil sa buhay na iyong ipinamumuhay. At kung magkagayon ay dito na talaga magkakaalaman. Tapos kung hindi mo ito ginagawa, ay wala kang Buhay. Kung ginagawa mo naman ito nang hindi karapat-dapat, ikaw ay nagkakasala sa Katawan ng Panginoon.

⁵⁸ Gayun din sa bautismo sa tubig. Kung sabihin natin, "Naniniwala kami kay Jesus Cristo, Kaniyang iniligtas kami mula sa kasalanan, at nabautismuhan kami sa Pangalan ni Jesus Cristo," aba, tayo'y nagdadala—tayo'y nagdadala ng kahihyan sa Kaniya, gumagawa tayo ng mga bagay na mali at ating—ating kailangang pagbayaran iyan. At isang bagay pa, kapag ginawa natin iyon, pinipilit nating ipahayag ang isang bagay at ginagawa ang kabaliktaran.

⁵⁹ Iyon ang problema sa atin ngayon. Sa aking palagay... sinasabi kong "natin," ako, at ang iglesyang ipinahintulot ng Dios na pangaralan ko sa mga huling oras na ito, na pinaniniwalaan nating tayo'y nasa katapusang panahon na. Naniniwala tayong binigyan tayo ng Dios ng isang Mensahe. Ito'y itinalaga ng Dios, pinatunayan na Ito ng Dios, ipinamalas na Ito ng Dios. Ngayon nararapat tayong lumapit sa Kaniya nang may pagpipitagan at may pag-ibig, at may—may kadalisayan ng puso at diwa at kaluluwa.

⁶⁰ Alam ninyo, malapit nang dumating ang oras kung kailan—kung kailan mula mismo sa ating kalagitnaan ay mangyayaring... ang Banal na Espiritu ay mangungusap gaya ng ginawa Nito kina Ananias at Safira. Alalahanin, kita n'yo, ang oras na iyan ay dumarating na. Kita n'yo? At tayo ay...

Ngayon, tandaan lamang ninyo na, kita n'yo, na mananahan ang Dios sa gitna ng Kaniyang bayan. Iyan ang nais Niyang gawin ngayon.

⁶¹ Maaari nating tanggapin ang Mensahe, kagaya ng pagsasabing. . . Kung binata ako at—at naghahanap ng mapapangasawa, at makakakita ako ng babaeng mapapangasawa, sinabi ko, “Tamang-tama talaga siya. Siya’y isang Cristiano. Isa siyang mahinhing babae. Siya’y lahat ng ito, may tiwala ako.” Gaano man ang tiwala, gaano ko man isipin na siya’y magiliw, kailangan ko pa rin siyang tanggapin, kailangan niya akong tanggapin; kita n'yo, sa mga sumpaang ito.

⁶² Buweno, ganoon din itong makikita natin ay ang Mensahe. Nakikita nating Ito’y tama. Nakikita nating pinagtitibay ng Dios na tama Ito. Ito’y lubos na tama. Sa bawa’t taon na lumilipas, taun-taon, Ito’y nagpapatuloy na tama, patuloy na tama. Lahat ng sinasabi Nito, nagaganap na tumpak na tumpak sa pagkakasabi Niya. Ngayon, alam nating Ito’y tama, nguni’t, kita n'yo, huwag ninyong gawin ito sa intelektuwal na pananaw. Kung gagawin n'yo, segunda-mano ang inyong relihiyon. Kita n'yo? Ayaw natin ng segunda-manong relihiyon, isang bagay na naranasan ng iba at nabubuhay lamang tayo sa—sa kanilang patotoo.

⁶³ Gaya ng sa paniwala ko si Jesus ang nagsabi kay Pilato, isang bagay, isang salitang iniisip ko, at sinabi Niya doon ilang sandali pa lang ang lumipas, “Sinong nagsabi sa iyo n’yan?” O, “Ito ba’y ipinahayag sa iyo? Paano mo nalaman ang mga bagay na ito?” sa madaling salita. Hindi ko na alam sadyang kung ano’yung salitang iyon ngayon, napakatagal nang panahon mula nang mabasa ko ito, nguni’t, “Paano mo—paano mo ito nalaman? Ano? Paano? Sino ang naghayag nito sa ’yo?” Tungkol sa Kaniya bilang ang Anak ng Dios. “Sino ang naghayag nito sa ’yo? May tao bang nagsabi sa iyo niyan? O,” tulad ng sinabi ni Jesus, “ang Aking Ama sa Langit ba ang naghayag nito sa ’yo?” Kita n'yo? Kita n'yo? “Paano mo ito nalaman, isang segunda-mano o ito ba’y isang sakdal na kapahayagan mula sa Dios?”

⁶⁴ Ito bang komunyong ay isa lamang bagay na ipinupunta ko rito, isang utos, sasabihin, “Buweno, silang lahat ay tinatanggap ito, ako nga rin?” Ito’y isang kapahayagan na ako’y bahagi Niya at bahagi ninyo ako, at iniibig ko kayo at iniibig ko Siya, at tinatanggap natin ito nang magkasama bilang isang simbulo ng ating pag-ibig sa Dios, at ng ating pag-ibig at pakikipagtipon sa isa’t isa.

⁶⁵ Ngayon nais kong bumasa ng ilan mula sa Kasulatan. At pagkatapos sa palagay ko. . . Saan ninyo. . . Kahit saan naisin ni Kapatid na Pearry ngayon. Sana’y samahan ninyo ako sa pagbasa nito, kung may Biblia kayo. Unang Mga Taga Corinto, sa—sa ika-11 kabanata, at simula sa ika-23 talata.

66 At gayun din naman, sa aming tabernakulo, ginaganap namin ito palagi noon pa man at ang paghuhugasan ng paa, palagi, dahil magkasama ang mga 'yan. Sa palagay ko ipinabatid na ng kapatid iyan na “Miyerkules ng gabi” dahil sa dami ng tao at wala kayong sapat na . . . lugar upang mapapasok ang mga tao para sa paghuhugasan ng paa, kanilang gaganapin—gaganapin ito sa Miyerkules ng gabi.

67 Ngayon, ika-23 talata ng ika-11 kabanata ng Unang Mga Taga Corinto, pakinggan si Pablo ngayon. Ngayon tandaan, at ilagay ito sa isipan, Mga Taga Galacia 1:8, “Kung kami man o isang anghel mula sa langit ay mangaral ng ibang Ebanghelyo sa inyo,” (maliban dito sa Ebanghelyo na ipinangaral niya) “ay matakwil siya.” Kita n'yo?

Sapagka't tinanggap ko sa Panginoon ang akin namang ibinibigay sa inyo, Na ang Panginoong Jesus nang gabing siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay:

At nang siya'y nakapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, . . . sinabi, Kunin ninyo at kanin ninyo: ito ang aking katawan, na pinagputolputol dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.

68 Ngayon, hayaang tumigil ako rito, upang sabihin: nguni't ang pagtanggap sa katawan ng Panginoong Jesus Cristo dito sa komunyong, ay hindi nangangahulugan na ang komunyong na iyon ay ang *literal* na katawan ni Cristo. Sa Katoliko 'yan. Hindi ako naniniwala na tama 'yan. Naniniwala akong isa lamang itong ordinansa na ginawa ng Dios sa atin, kita n'yo, ito'y hindi ang aktuwal na katawan. Ito'y . . . Ngayon, isa talaga itong maliit na piraso ng purong tinapay. Isa lamang itong ordinansa.

69 Ni hindi rin ako naniniwalang ang bautismo kay Jesus Cristo (sa Pangalan ni Jesus Cristo) sa tubig ay nagpapatawad nga ng inyong mga kasalanan. Hindi ako naniniwala na kayo . . . Naniniwala akong maaari kayong mabautismuhan nang buong araw . . . Ngayon, alam kong maaaring may mga taong nakaupo rito na mula sa iglesyang Apostolic, ibig kong sabihin, o sa iglesyang United Pentecostal, kung saan itinuturo nila iyan. Nguni't, kita n'yo, ako—ako'y hindi naniniwalang ang tubig ay nagpapatawad ng mga kasalanan. O, kung ito nga, kung gayon si Jesus ay namatay nang walang kabuluhan. Kita n'yo? Naniniwala ako na isa lamang itong ordinansa ng Dios, kita n'yo, upang ipakitang pinatawad na kayo. Nguni't ang mabautismuhan para sa muling kapanganakan, hindi, ako—ako—ako'y hindi naniniwala d'yan. Hindi ako naniniwala na ang tubig ay nagpapatawad ng mga kasalanan.

70 Ni hindi rin ako naniniwala na ang tinapay at alak na ito ay may ano mang kinalaman sa inyo, pagtupad lamang ito sa ordinansa na itinalaga ng Dios para ganapin natin. Kita n'yo?

Tama 'yan. Naniniwala akong ang bautismo sa tubig ay ganito rin. Naniniwala akong nararapat sa atin na gawin ito, na ginawa Niya ang lahat ng ito bilang halimbawa sa atin. At ginawa Niya ito bilang halimbawa sa atin. At naghugas Siya ng paa bilang halimbawa sa atin.

71 Ngayon, "At gayon din naman," ika-25 talata:

At gayon din naman hinawakan ang saro, at pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y siyang bagong tipan sa aking dugo: gawin ninyo ito, sa tuwing kayo'y magsisiinom, sa pagaalaala sa akin.

Sapagka't sa tuwing... (Tandaan ngayon!)... Sapagka't sa tuwing kakanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang saro, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating siya. (Hanggang kailan? "Hanggang sa dumating Siya!" Kita n'yo? Kita n'yo?)

Kaya't ang sinomang kumain ng tinapay, o uminom sa saro ng Panginoon, na di karapat-dapat, ay magkakasala sa katawan at sa dugo ng Panginoon.

72 Hayaang tumigil ako sandali. Ang dahilan kaya sinabi niya ito, pansinin ninyo sa iba pang talata rito, sa ibang kabanata, na sinabi niya, "Nauunawaan kong kung kayo—kung kayo'y nagsasama-samang kayo'y kumakain, naglalasing pa nga sa dulang ng Panginoon." Hindi nila ito naunawaan, nakita n'yo. Sadyang nagpapakabusog sila, kita n'yo. Tulad din ng ginagawa ng mga tao ngayon, nabubuhay lamang sa kahit anong uri ng pamumuhay at tumatanggap nito. Kita n'yo? Sabi niya, "May mga pamamahay kayo na makakainan, kita n'yo. Nguni't, ito'y isang ordinansang dapat nating tuparin, kita n'yo." Ngayon:

Datapuwa't siyasatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay at uminom sa saro.

Sapagka't ang kumakain at uminom na di karapat-dapat, ay kumakain at uminom ng hatol sa kaniyang sarili, na hindi niya kinikilala ang katawan ng Panginoon. (Kita n'yo?)

73 Ano ka nga ba? Ikaw ay isang Cristiano, mamuhay ka sa harapan ng lahat bilang isang Cristiano. At kung tatanggapin mo iyan at hindi ka namumuhay bilang isang Cristiano, hindi mo kinikilala ang Katawan ng Panginoon. Naglalagay ka ng harang na katitisan sa daan ng iba, kita n'yo, habang nakikita ka nilang pinipilit gawin iyan at pagkatapos ay hindi ipinamumuhay kung ano ang nararapat mong ipamuhay. Kita n'yo, hindi mo kinikilala ang Katawan ng Panginoon. Ngayon masdan kung ano ito... kung ano ang sumpa nito:

Dahil dito’y marami sa inyo ang mahihina at mga masasakitin, at hindi kakaunti ang nangatatutulong. (Ang tamang salin ng salitang iyan, Kapatid na Pearry, ay “patay na.” Kita n’yo? Kita n’yo, “marami ang patay na.”)

Datapuwa’t kung ating—kung ating kikilalanin ang ating sarili, ay hindi tayo hahatulan. (Kita n’yo, kung ating hahatulan ang ating sarili ay hindi na tayo hahatulan pa. Kita n’yo?)

Datapuwa’t kung tayo’y hinahatulan, ay pinarurusahan tayo ng Panginoon, upang huwag tayong mahatulang kasama ng sanglibutan. (Kita n’yo, walang ano mang pakikipag-ugnayan sa sanglibutan.)

Dahil dito, mga kapatid ko, kung kayo’y mangagsasalosalo sa pagkain, ay mangaghintayan kayo. (Kita n’yo?)

Kung ang sinoman ay magutom, kumain siya sa bahay; upang ang pagsasalosalo n’yo ay huwag maging sa paghatol. At ang iba ay aking aayusin pagpariyan ko. (Kita n’yo?)


⁷⁴ Ngayon, sa madaling salita, huwag lamang pumunta upang tanggapin ito bilang isang...Gaya ng sinabi ko kani-kanina, tungkol sa mga Judio, ang kanilang hain, sila...Ito’y napakaganda, ibinigay ito ng Dios, nguni’t dumating ito sa punto kung saan ay hindi na nila ito ginagawa nang may katapatan at pagpipitagan at nasa kaayusan, nang magkagayon ito’y nagmistula na lamang isang...ito’y naging isang—isang masamang amoy sa Kaniyang ilong.

⁷⁵ Ngayon, gayon ding bagay ang ating pagpunta upang tanggapin ang hapunan ng Panginoon, na, nararapat tayong magtungo na nalalaman kung ano ang ating ginagawa. Tulad din ng kapag nagtungo ka sa tubig upang magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, alam mo kung ano ang iyong ginagawa, inilalagay mo sa iglesya kung ano ang inilagay ng Dios sa iyo, si Cristo.

⁷⁶ Kapag ating tinanggap ito, nagpapakita ito sa iglesya, na, “Sinampalatayanan ko ang bawa’t Salita ng Dios. Naniniwala ako na Siya ang Tinapay ng Buhay na nagmula sa Dios buhat sa Langit. Nananampalataya akong ang bawa’t Salita na Kaniyang sinasabi ay ang Katotohanan. At ipinamumuhay ko Ito, sa abot ng aking kaalaman, ang Dios ang aking Tagahatol. Kaya nga, sa harap ng aking mga kapatid na lalaki, sa harap ng aking mga kapatid na babae...Ako—ako ay hindi nagmumura, hindi ako nagtutungyaw, hindi ko ginagawa ang mga bagay na ito, sapagka’t iniibig ko ang Panginoon, at alam ito ng Panginoon at sinasaksihan ako. Kaya nga, sa harap ninyo, tinatanggap ko ang bahagi ng Kaniyang Katawan, na nalalamang hindi ako

hinatulang kasama ng sanlibutan.” Kita n’yo, hayan kayo, kung magkagayon ito’y isang pagpapala.

⁷⁷ At, alalahanin, maaari akong magbigay ng maraming patotoo tungkol dito, kung saan kinuha ko iyan at ipinaliwanag ito sa isang silid ng maysakit, at nakita silang gumaling.

⁷⁸ Alalahanin, nang ganapin ng Israel ang tipo nito, naglakbay sila nang apatnapung taon sa ilang at ang kanilang mga kasuotan ay hindi man lang naluma, at nagsilabas sila na walang isa mang nanghina isa—isa man sa kanila, na dalawang milyong katao ang tumipo nito. Buweno, ano ang magagawa ng Anti-tipo? Kung ang katawan ng isang haing hayop ay nagawa iyon para sa kanila, ano kaya ang magagawa ng Katawan ni Jesus Cristo, ang Emmanuel, para sa atin? Maging mapitagan lamang tayo sa ating pagdulog. Tayo ay maging mapitagan sa abot ng ating nalalaman, na dumulog. 

KOMUNYON TAG65-1212
(Communion)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Disyembre 12, 1965, sa Tucson Tabernacle sa Tucson, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2010 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org